MALACAÑAN PALACE
MANILA

MESSAGE

Today, we pay homage to the men and women who helped lay the foundations of this nation. Their courage, leadership and wisdom paved the way for us to enjoy the blessings of freedom, independence and democracy. They have dedicated their lives to ensure that future generations will have a life that is full and comfortable.

We are forever grateful for their noble deeds and sacrifice. Let us honor them by upholding the rule of law, protecting our nation and fostering goodwill among ourselves. We will harness the same virtues as we continue to fight against lawlessness, criminality and poverty that hinder us from achieving our full potential.

As we commemorate the life and works of our national heroes, we must continue to embrace their ways in our daily undertakings. Let us emulate their example as we continue to realize our ideals and aspirations for ourselves and for our country.

Mabuhay ang sambayanang Filipino!

RODRIGO ROA DUTERTE

MANILA
28 August 2017

THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES

MALACAÑAN PALACE
MANILA

MENSAHE

Sa araw na ito, binibigyang pugay natin ang mga bayani ng bayan na tumulong sa pagtatatag ng mga pundasyon ng ating bansa. Ang kanilang lakas ng loob, pamumuno at karunungan ay nagbigay daan upang matamasa natin ang biyaya ng kasarinlan at demokrasya. Inilaan nila ang kanilang buhay upang matiyak na ang mga susunod na salinlahi ay magkakaroon ng isang maginhawang pamumuhay.

Tayo ay nagpapasalamat sa kanilang kadakilaan at mga sakripisyo. Ipagbunyi natin sila sa pamamagitan ng pagsunod sa ating mga batas, pagtatanggol sa ating bansa at pagtulong sa ating kapwa. Gawin natin ang mga ito habang patuloy na nilalabanan ang kaguluhan, kriminalidad at kahirapan na siyang humahadlang sa atin tungo sa katuparan ng ating mga hangarin.

Habang ginugunita natin ang buhay at mga kontribusyon ng ating mga bayani, isapuso natin ang kanilang mga adhikain upang maipagpatuloy ang kanilang nasimulan. Tularan natin sila habang isinasakatuparan ang ating mga lunggati para sa ating sarili at para sa ating bansa.

Mabuhay ang sambayanang Filipino!

RODRIGO ROA DUTERTE

MAYNILA
28 Agosto 2017

THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES